# Chemotherapy para sa Kanser

*Chemotherapy for Cancer – Tagalog*

Ang chemotherapy o "chemo" ay isang paggamot na may malakas na gamot na makakapatay sa mga selula ng kanser. Ginagamit ang chemo para gamutin ang maraming uri ng kanser, ngunit hindi lahat ng may kanser ay makakakuha ng chemo.

## Paano gumagana ang chemo?

Gumagana ang chemo sa pamamagitan ng pagdudulot ng pinsala sa mga selula ng kanser at sinusubukang patayin ang mga ito. Nagdudulot din ito ng pinsala o pagkasira sa ilang normal at malulusog na selula. Ito ay dahil hindi laging malalaman ng chemo ang pagkakaiba sa pagitan ng normal na selula at selula ng kanser. Ngunit, ang mga normal na selula ay laging bubuti o mapapalitan ng bago at malulusog na selula sa pagdaan ng ilang panahon.

## Paano ibinibigay ang chemo?

Maraming uri ng chemo ang ibinibigay bilang infusion sa pamamagitan ng IV line na itinuturok sa ugat. Ang ibang uri ay maaaring ibigay bilang isang bakuna o iniksyon, o maaaring inumin bilang tableta. Ang chemo ay maaaring maging natatanging paggamot na kailangan para sa ilang kanser. O, paminsan-minsan, maaari itong ibigay kasama ang ibang mga paggamot na gaya ng operasyon, radiation, hormone therapy, targeted therapy, o immunotherapy.

## Saan pumupunta ang mga tao para magpa-chemo?

Ang chemo ay kadalasang ibinibigay sa isang outpatient na klinika o sentro ng pagamutan. Para sa ilang paggamot sa chemo, maaaring kailanganin ng indibidwal na manatili sa ospital ng isang araw o higit pa. Ilang uri lamang ng chemo ang maaaring inumin sa bahay.

## Gaano kadalas ibinibigay ang chemo at gaano katagal ito?

Dahil naiiba ang paggamot sa bawat indibidwal, maaari ring mag-iba ang dalas at tagal nito.

Ang chemo ay kadalasang ibinibigay sa pamamagitan ng mga siklo. Ibig sabihin, ang chemo ay ibinibigay at pagkatapos ay sinusundan ng panahon ng pahinga. Ang panahon ng pahinga ay nagpapahintulot sa katawan na gumaling sa mga side effect bago ang susunod na paggamot.

Halimbawa, maaaring ibigay ang chemo ng isa o higit pang mga araw sa isang linggo, kasunod ng dalawang linggong pahinga. Ang bilang ng araw o linggo ng itatagal ng siklo ay maaaring naiiba at depende sa uri ng chemo na ibinibigay. Ang bilang ng mga siklo ng chemo ay maaaring naiiba rin.

## Paghahanda para sa chemo

Kung bahagi ng iyong paggamot ang chemo, kausapin ang iyong health care team tungkol sa kung ano ang aasahan. Ito ay makakatulong sa iyong magplano para samga pagbabago sa iskedyul ng iyong trabaho o pamilya kung kailangan.

## Mga side effect ng chemo

Nagdudulot ng pinsala ang chemo sa ilang malulusog na selula, na maaaring magdulot ng mga side effect. Dahil ang mga side effect ay nakadepende sa ibinibigay na chemo, hindi lahat ng nakakakuha ng chemo ay makakaranas ng parehong side effect. Maaaring maranasan ang ilang side effect sa panahon ng o agad pagkatapos makuha ang chemo, habang ang iba ay nararanasan pagkatapos ng ilang araw, linggo, buwan, o taon pagkatapos ng paggamot.

Kabilang sa mga karaniwang side effect ang:

- Pagkaalibadbad o pagsusuka
- Pagkalagas ng buhok
- Pagtatae o hindi pagdumi
- Panghihina o pagod
- Lagnat o ginaw
- Mababang bilang ng selula ng dugo na maaaring maglagay sa iyo sa mas mataas na panganib para sa mga impeksyon o pagdurugo
- Mga pagbabago sa panlasa o gana
- Mga problema sa balat
- Pananakit sa bibig o singaw sa bibig
- Iba pang mga problema, depende sa uri ng chemo na nakukuha mo

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/chemotherapy.** Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.

## Questions to ask

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong doktor at health care team:

- Anong mga gamot na chemo ang makukuha ko?
- Gaano kadalas kong makukuha ang paggamot?
- Magkakaroon ba ako ng mga panahon ng pahinga sa pagitan ng mga siklo ng paggamot?
- Gaano katagal ito ang aking paggamot?
- Saan ako pupunta para magpagamot?
- Maaari ba akong magmaneho nang mag-isa papunta sa pagamutan?
- Kakailanganin ko ba ng iba pang uri ng paggamot?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan?
- Paano mapapangasiwaan ang aking mga side effect at ano ang maaari kong gawin tungkol sa mga ito?
- Maaari ko bang ipagpatuloy ang pag-inom sa iba ko pang mga gamot o supplement sa panahon ng paggamot?
- Babayaran ba aking insurance ang paggamot? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Makakapasok ba ako sa trabaho at magagawa ang aking mga karaniwang gawain sa panahon ng aking paggamot?
- Ano ang maaari kong gawin upang maalagaan ang aking sarili sa panahon ng paggamot?
- Mayroon bang mga espesyal na bagay na kailangan kong gawin upang maprotektahan ko ang aking sarili at ang iba habang nagpapagamot ako?
- Kailan ko dapat tawagan ang doktor o nurse?



TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 080804
Ginagamit ang mga modelo para sa layunin ng paglalarawan lamang.

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity